## 7. Anihin ang isda pagkalipas ng apat o limang buwan

**Ang isda sa palaisdaan ay maaaring anihin sa dalawang paraan:**

**A. Piliang Pag-ani** - Ang piliang pag-ani ay maaaring gawin pagkaraan ng apat na buwan mula sa pagpapakawala ng semilya. Ang palaisdaan ay hinihilaan ng lambat na may malalaki o angkop na butas. Ang laki ng butas ay ayon sa laki ng isdang huhulihin. Ang patuloy na pag-aalaga ng di nahuling isda ay dapat hindi humigit pa ng limang buwan.

**B. Lahatang Pag-ani** - Ang lahatang pag-ani ay dapat gawin pagkaraan ng limang buwan mula sa pagpapakawala ng isda sa palaisdaan. Bawasan ang lalim ng tubig ng palaisdaan hanggang tuhod at lambatin ang lahat ng isda. Kung kinakailangan ay limasin ang palaisdaan upang mahuling lahat ang laman nito.

**Itaon ang pag-ani sa kamahalan ng isda sa pamilihan**

**Patuyuin ang putik sa palaisdaan at sunding muli ang mga hakbanging ipinaliwanag**. Mas makabubuti ang pagbili ng semilya tuwing maka-ani upang maiwasan ang pagkabansot ng isda.



*Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa:*

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
**NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER**
Bonuan Binloc, Dagupan City
Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax: (075) 653-0385
E-mail : bfarniftdc@yahoo.com; westlyrosario@ymail.com
Facebook & twitter account: aquatechdocwestly@yahoo.com


# Pitong Hakbang sa Pagpapalaki ng ISDA sa Palaisdaan


Dr. Westly R. Rosario









**NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER**
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Department of Agriculture
Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax No.: (075) 653-0385

**Published by the ASIAN FISHERIES ACADEMY**
E-mail : asianfishacademy@yahoo.com
Tel. No.: (075) 653-8851


## 1.Lipulin ang lahat ng isda na nasa palaisdaan katulad ng hito, dalag, biya, ayungin, hipon, o lumang tilapia



Ang wastong paraan ng paglipol ay ang paglimas at pagpapatuyo ng putik hanggang ito ay magbitak. Ang pagbibilad ng putik sa araw ay makakatulong upang malipol ang mga organismong maaaring magdulot ng sakit sa isda. Ito rin ang mga magpapalakas ng taba ng lupa at magpapasingaw sa nakakalasong hangin sa luma at pinatatabang putik-palaisdaan.




| Laki ng isda | Dami ng Pagkain (Feeding rate) | Dalas ng pagpapakain (kada araw) |
|---|---|---|
| Fry | 15-20% ng kabuuang timbang | Mula 4-8 beses |
| Fingerlings | 10-15% ng kabuuang timbang | Mula 2-4 beses |
| Juvenile | 5-10% ng kabuuang timbang | Mula 2-4 beses |
| Market Size | 2-5% ng kabuuang timbang | (2) dalawang beses |




### Mga alituntunin sa pagpapakain ng Isda:

A. Sanaying pakainin ang mga isda sa takdang oras at sa iisang lugar ng palaisdaan.
B. Siguruhing nauubos ng isda ang pagkain upang hindi ito maging sanhi ng polusyon.
C. Iwasang magpakain ng hindi naaayon sa direksyon ng hangin.
D. Huwag magpakain malapit sa labasan o paapawan (overflow) ng tubig.

# 5. Maglagay ng lingguhang pataba sa palaisdaan.




Lingguhang maglagay ng pataba upang maiwasan ang paglabo ng tubig at paglalasang putik ng isda.

Magpataba ng palaisdaan gamit ang sumusunod na tagubilin:

| Luwang ng Palaisdaan (Metro kuwadrado) | Taeng manok Bawat Linggo | 16-20-0 Bawat Linggo |
|---|---|---|
| 100 kuwadrado | ¼ sako | 0.25 kilo |
| 500 kuwadrado | 1 sako | 1.25 kilo |
| 1,000 kuwadrado | 2 sako | 2.50 kilo |
| 5,000 kuwadrado | 10 sako | 12.50 kilo |
| 10,000 kuwadrado | 20 sako | 25 kilo |

Iwasang magpalabas ng tubig kung katatapos pa lamang na magpataba upang hindi mawala ang likas na pagkain ng isda at ang nutrients ng lupa.



# 2 Maglagay ng pang-unang abono sa palaisdaan.




Patubigan ang palaisdaan hanggang kalahating metro at isabog ang tatlumpong (30) sakong taeng manok sa bawat ektarya ng tubig. Pagkalipas ng isang linggo ay dagdagan ang tubig hanggang isang metro o higit pa. Ang isda ay maaaring pawalan 15 araw mula sa pagkakasabog ng taeng manok.

## 3.Magpakawala ng tamang dami ng fingerlings sa palaisdaan.



Siguruhing malinis at bata ang semilyang mabibili upang makaiwas sa maagang pangingitlog ng isda. Ikundisyon ng isang gabi ang mga semilya sa hapa o tangke ng tubig bago ibiyahe. Ang dami ng fingerlings na ilalagay ay dapat umayon sa kalagayan ng palaisdaan at kakayahan ng may-aring itustos ang mga pangangailangan ng palaisdaan.

Mula sa biyahe, pawalan ang semilya matapos maitulad ang temperatura ng tubig ng isda sa plastik o hauling box bago ang pagpapawala. Ibabad ang plastik na may isda sa palaisdaan ng 10-20 minuto. Timplahin ang tubig sa timba sa bawas dagdag na paraan.



## 4. Palaging damuhan ang palaisdaan.



Alisin ang kangkong, waterlily, lotus hydrilla at damo sa palaisdaan. Iwasan ang pagtatanim ng malalaki, at mayayabong na punong-kahoy sa pilapil ng palaisdaan.